

**Presidential Communications Operations Office  
Presidential News Desk**

**SITUATION BRIEFING ON THE EFFECTS OF TYPHOON ULYSSES IN THE BICOL REGION  
PRESIDED OVER BY PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE**

[Pili, Camarines Sur | 15 November 2020]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** ... shelter where they can really be protected in the meantime while the storm is raging and food and water. Rol, okay ba ang ano mo dito?

**DSWD SECRETARY ROLANDO BAUTISTA:** Yes, Mr. President. If you will allow me, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes, go ahead.

**SEC. BAUTISTA:** Actually, Mr. President...

**PRESIDENT DUTERTE:** Why don't you just remove your mask and... So that we'll get COVID together. *[laughter]*

**SEC. BAUTISTA:** Actually, Mr. President ang ire-report ko po ay 'yung Typhoon Rolly and Typhoon Ulysses kasi nagkaroon po, Mr. President, ng overlap. Noong umalis si Typhoon Rolly, a day after dumating po si Typhoon Ulysses.

So noong --- ito na 'yung terminal report sa Typhoon Rolly, 'yung total cost natin for the food and non-food items, umabot po tayo ng 55.5 million ang na-provide nating assistance. Pero dito sa Typhoon Ulysses, since the assessment is still ongoing nakapag-provide na po tayo ng 15.1 million initially sa victims ng Typhoon Ulysses.

With regards to the cash assistance, ito po 'yung sa assistance in --- for individuals in crisis situation, binigyan po natin ng immediate assistance 'yung mga victims ng mga totally damaged houses at 'yung mga burial assistance. For Typhoon Rolly, nakapagbigay po tayo ng 19.3 million sa mga victims. With regards to Typhoon Ulysses, ano pa po tayo, ongoing validation nung mga victims.

As of now, mayroon po tayong 100 million allocated for emergency shelter assistance for Typhoon Rolly at saka 23 million for cash-for-work, again for Typhoon Rolly.

For Typhoon Ulysses, ongoing validation but apparently magbababa rin po kami ng cash allocation para sa emergency shelter assistance and 'yung cash-for-work.

Mayroon pa rin po tayong additional food and non-food items now in transit. Nagpa-augment po tayo, reinforce, coming from the National Resource Operation Center sa Pasay at the same time mga field offices natin coming from the --- from the Visayas.

And mayroon din po tayo ngayon ongoing case management for affected families for possible Livelihood Assistance Grant. Ito part of the recovery 'to, Mr. President.

And also, ongoing ngayon 'yung psychosocial first aid interventions natin sa mga pamilya and including with direct traumatic experience and families with casualties. Actually, nagpa-augment kami dito ng more or less mga 30 personnel coming from Masbate and other parts ng Region V para i-oversee 'yung mga case management and at the same time i-engage 'yung mga mayroong traumatic experience.

And finally, Mr. President, we also provide technical assistance on camp management and in-ensure namin dito na 'yung camp management na 'to will be in accordance with the international standard.

So 'yon lang po ang update natin ngayon, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** One question: Do you have the money?

**SEC. BAUTISTA:** Mayroon po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** What is important is that you can move because if you do not have money, it's always hampered. So 'yon ho ang maisabi ko sa inyo. They have the money and have been deployed long before the...

Kaya lang na double whammy kayo dito, nag-overlap nga. But as insofar as the national government is concerned, the reaction --- reaction of itong mga different offices that would really matter. Ano na 'yan nila, sanay na sila diyan.

Do not believe na walang ginagawa 'yan. Long before the typhoon came, naka-deploy na 'yung mga pagkain tapos 'yung tulong.

What is really important is that there is money. Ang ano kasi kung walang pera, mahirap 'yan. Pero kapag mayroon, I think everybody has the money. It's just too bad that they could not really catch up with us. Nauna ako. It's just a matter of coordination, 'yung point man mo to talk to the different agencies operating here.

Si Rolly, Typhoon Rolly, *[laughter]* Rolly Bautista used to be the Army Chief noon. So I got him to work as the DSWD.

Maganda naman ang ano niya, performance and I believe that if there's anything na pagkukulang, it's not because of negligence or purposely done but sometimes talagang na-o-overlook because of the complexity of the job. *[Senator Go: Sa DBM at saka NEDA.]*

**PRESIDENT DUTERTE:** Ah, sa DBM? Ah nandito 'yung DBM? Hindi Avisado. NEDA. So what can --- what can you give us?

**DBM ASSISTANT SECRETARY KIM ROBERT DE LEON:** Good afternoon po, Mr. President. I'm Assistant Secretary Kim Robert de Leon po. The Chief of Staff of Secretary Wendel Avisado po and I'm pleased to share with you updates on the National Disaster Risk Reduction and Management Fund po.

Good afternoon po, Senator Bong, and the Cabinet members, the governor, other officials who are here for the situation briefing.

*[Next slide, please.]*

So the slide shows the summary of the balances of the three sub-items under the National Disaster Risk Reduction and Management Fund as of November 13.

So we can see that the first item is the regular entry program, dito rin po kinukuha 'yung ginagamit po natin to augment the Quick Response Fund of all the departments and agencies of the national government at kasama na po dito 'yung initial 5 billion augmentation that we have made pursuant to Bayanihan II. Our remaining balance is 1.774 billion.

The second item is Marawi Recovery Rehabilitation and Reconstruction Program with 87 million balance. And the last item is the comprehensive aid to repair earthquake damage in Regions XI and XII with 4.943 billion balance. Nag-e-expect po kami ng additional projects na validated by OCD and for approval of OP, then dito po icha-charge.

*[Next slide, please.]*

So taking off from the suggestion and proposal of Senator Bong Go, the DBM has already recommended the provision of financial assistance to local government units to augment their local calamity funds after being affected by Typhoons Quinta and Rolly, chargeable against the NDRRM Fund.

This is considering po na depleted na talaga ang local calamity fund po dahil nagamit na nga po sa COVID-19 response at nagsunod-sunod pa po 'yung ating mga calamities at bagyo.

This is equivalent to around one percent of their IRA and takes into consideration the estimated amount of damage and the actual number of affected population based po sa reports ng OCD and DSWD, respectively. And this initially covers affected LGUs within the areas po that is recommend by the NDRRM Council to be placed under state of national calamity, which is Regions IV-A, IV-B and V na naapektuhan po ng Typhoon Rolly.

*[Next slide, please.]*

So shown in the slide po is the rough estimate of the breakdown of the proposed 1.5 billion augmentation na ito po 'yung prinopose (propose) po din ni Senator Bong and distributed po sa mga provinces, cities, and municipalities that are affected by Typhoons Quinta and Rolly.

So 'yung detailed breakdown po nito per actual LGU is already submitted po to the Office of the President through the Office of the Executive Secretary. So the proposed total po is around 1.5B, which will be sourced from the NDRRM Fund na ipinakita ko po kanina 'yung initial balance.

*[Next slide, please.]*

So dahil nga po 'yon na lang 'yung balance nung ating regular NDRRM program at pumasok pa po ang Typhoon Ulysses and we saw the damages po kanina sa Region II area, taking again into consideration the authority granted under Bayanihan II, the DBM, again, augmented the NDRRM Fund by another 10 billion at ito po ulit ay puwede pong i-access ng national government agencies to replenish the respective Quick Response Fund po para po doon sa mga regular rehabilitation and recovery programs subject po sa validation ng Office of Civil Defense, endorsement ng NDRRM Council for OP approval.

And dahil po sa effect ng Typhoon Ulysses, we are also now in the process of calculating or proposing similar arrangement po na ipinakita po namin kanina for those affected by Typhoon Quinta and Rolly to provide augmentation for local calamity fund especially po sa area ng Region II like po 'yung Cagayan and Isabela.

*[Next slide, please]*

So gaya po nang nabanggit po kanina, Mr. President, there are available resources allotted sa mga departments through the Quick Response Fund and I'm just showing on the slide po 'yung allowable limit, meaning ito po 'yung puwede po naming i-replenish sa mga department subject to the usual guideline.

So for DA, we have 1.5 billion; DOH, we have 600 million; DepEd, up to 2.1 billion; OCD, 250 million; DPWH, 1 billion; DSWD, 1.25 billion; at NEA, 100 million.

So rest assured po that as soon as we receive request from these agencies for replenishment of their QRF, we are quickly acting on it po para po mapatuloy po ang pagpo-provide ng serbisyo po sa ating mga kababayan na naapektuhan po nang sunod-sunod na bagyo.

And after po noong nabanggit pong second 10 billion augmentation, Mr. President, ito na po ngayon 'yung updated balances of the NDRRM Fund. So for the regular NDRRM program kung saan po kukunin din 'yung mga QRF, we now have 11.774 billion. That is now on standby and accessible anytime. Mayroon pong QRF replenishment po 'yung ating mga agencies na nabanggit po kanina.

And then 'yung remaining balance for the Marawi recovery program at 87 million, and 'yon pong CARED Program or Comprehensive Aid to Repair Earthquake Damage in Regions XI and XII at 4.943 billion. Ito po ay --- again, awaiting na lang po nung details nung pong mga mapopondohang projects including po 'yung mga damaged goods po sa Regions XI and XII.

Thank you very much po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kasi ito wala na, depleted na 'yung ano nila calamity fund. One after the other eh. So ang usual problema sa gobyerno is how long after can these funds be accessed by them?

**ASEC. DE LEON:** Mr. President, as soon as we receive po the formal approval letter from OP po, we are all ready with the documentation for transfer of this fund from BTR to the local government units po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Usually how long does it take for this process to take place?

**ASEC. DE LEON:** Kapag may OP approval na po, Mr. President, the SARO and NCA po within a week's time po nari-release na po namin 'yan. Minsan po in --- minsan po one day po pina-prioritize na po 'yan ni Secretary Avisado po. Nari-release po kaagad namin si Bureau of Treasury po para ma-transfer po kaagad ang pondo, Mr. President, to the local government units.

**PRESIDENT DUTERTE:** So kindly move faster kasi kailangan ng tao. So that's about it. It's really the assistance that the government --- national government can spare for the provinces that were hit badly.

Natagak ako sa ano sa Cagayan Valley. There was no ---- there were bursts of winds but tubig lahat and landslide. Mayroon kasi sila palang ano doon eh, may bukid tapos there's a lot of small mining activity that's going on.

At kung mag --- kasi itong mga butas sa bukid 'pag nalagyan ito ng tubig, it loosens the soil. Kaya talagang babagsak 'yan. Gravity goes down. And the problem is 'yung mga settlers or the ones mga miners, doon nakatira sa baba ng 'yung mining activity nila.

At bakit naman ganoon? I really do not --- I cannot understand pero siguro nagtiwala sila na matatag 'yung bukid. But if you punch so many holes there, just like what they are doing, naturally would loosen the soil altogether. Iyon ang nangyari doon.

Dito, binibigyan kayo lahat ni --- [*akin na Sonny ang akin*] --- nahihiya tuloy ako. Hindi ako nagsusuot ng mask basta... I seem --- I seem not be able to convey what I am saying using this mask. So tinatangal ko talaga kapag nagsasalita ako. But enough of that, we go back to the problem.

It's a matter of time, how long after I said after this talk here, how long after can the funds be --- can the funds be accessed by the local government? Bilisan lang ninyo. And of course, 'yung Cabinet members alam na nila 'yan.

Secretary Duque, how about the response of the Health Department?

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** Thank you, Mr. President. Magandang hapon po, sir. Senator Bong Go; to our Congress --- our representatives, Congressman LRay and Congresswoman Jocelyn Fortunato; and of course the Governor of Camarines Sur and all my fellow Cabinet members, magandang hapon po sa inyong lahat.

Ang DOH po ay nakapagbigay na ng worth 40 million assistance by way of providing 'yung logistical support, drugs and medicine supplies, iyon pong mga hygiene kits and mga collapsible water containers sa buong Kabikulan po 'no. That's six provinces and Naga City.

And also we have provided assistance including in the 40 million sa Bicol Regional Training Teaching Hospital, sa Bicol Medical Center, sa Bicol Regional and General Hospital and Geriatric Medical Center.

Pero ang malaki pong kinakailangan na pondo, Mr. President, sa halagang mga 290 million pesos ay 'yung mga damaged health facilities. Ito na po 'yung mga DOH-CHD Bicol office, the retained hospitals, and the treatment and rehabilitation centers, ang mga LGU hospitals, the rural health units, the barangay health stations.

Ang kinakailangan po ritong mapondohan ay 286.5 million pesos after the assessment has been done and also validation po. Vina-validate po natin na tama po 'yung kanilang assessment.

At one of the priorities po is to repair the damage, isolation, and quarantine facilities sa probinsiya ng Albay, Camarines Sur, Camarines Norte. Aabutin po ng mga 11.2 million pesos, Mr. President.

Not much, but we need the money right away kasi napaka --- this is a basic service that needs immediate attention, and repair is in order.

I did my assessment of all of these today and also in Catanduanes with Senator Bong Go last week. And so we have been up and about looking at the extent of damage and the funding needed to be able to undertake the repair and the rehabilitation.

So marami din po tayong mga nagawa na post-disaster in the areas of public health and medical services, nutrition --- complementing of course the DSWD --- and also for the water and sanitation and hygiene services for the affected people and communities, and also the mental health and psychosocial services.

Marami po ito, Mr. President, hindi ko na po isa-isahin. But we've been so used to doing this, Mr. President and we have pre-positioned for Bicol several billions for ensuring the continued provision of basic health services --- mga gamot, mga medisina, mga water sanitation, hygiene, iyong chlorine tablets, mga doxycycline, antibiotics for leptospirosis kasi iyan po ang isa sa mga binabantayan natin. Our surveillance officers are actively monitoring the health situation and in particular the prevention of epidemics in the evacuation centers.

Kaya po iyang mga leptospirosis, we have been engaging through our Quad Media for the local health officers to ensure there is adequate supply of antibiotics against leptospirosis, against acute gastroenteritis, against other communicable infectious diseases, Mr. President.

So, ito lang po ang --- ang masasabi ko ngayon pero ang very compelling, indeed, Mr. President, is really the funding for the immediate repair of all of our local health facilities, both DOH- retained and local government-run health facilities. Salamat po, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Let me ask you one question, Secretary.

**SEC. DUQUE:** Yes, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** You have the money?

**SEC. DUQUE:** Yes, sir. We have the money, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** So, eh di... Ang problema lang sa... Well, historically --- historically is that the government moves slowly especially the national government.

So 'pag itong pangyayari, kung mabilisan ninyo, cut the time to something like half or more than. Iyan ang reklamo ng tao especially itong ganito, the time is of the essence, actually. They need to --- to get hold of those things that are needed by them. Maka-access kaagad.

So, I need only one person to call me anytime. Si Judge Clavecilla can do it. If there is any delay or if there is any... Tawagan lang niya ako and we can always do something about the --- your complaints, that is iyong mga reklamo na dugay kagaya sila. Yes?

**CAMARINES SUR GOVERNOR MIGUEL LUIS VILLAFUERTE:** Iyong mga kinakalat nung oposisyon na wala daw ang Pangulo. Ako na magsasabi na Typhoon Usman, nandito kayo sa Camarines Sur; Typhoon Nina, nandito kayo; ngayong Rolly, Ulysses, nandito na naman. So talagang loko-loko lang sila.

**PRESIDENT DUTERTE:** Hindi mo mapigilan.

**GOV. VILLAFUERTE:** Pero napakalaking good news po iyong sinabi ng DBM na may augmentation, Senator Bong, na proposal ninyo sa calamity fund, dahil talagang iyong Quinta, Rolly, Ulysses, plus COVID, talagang ang calamity fund ng provincial government halos mauubos na. May tatlo pa daw na bagyo na parating sa aming lugar ngayong December.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kaya nga.

**GOV. VILLAFUERTE:** So that is very welcoming news. May I --- if you permit me po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes.

**GOV. VILLAFUERTE:** Ipakita ko lang po iyong problema dito sa CamSur kasi from... *[Iyong slide number four, kuya.]*

**PRESIDENT DUTERTE:** We'd be glad to...

**GOV. VILLAFUERTE:** Ito po, this is the Province of Camarines Sur, iyong sa itaas po is CamNorte, iyong sa baba is Albay. So 'pag umuulan po, nagde-drain ang tubig of CamNorte and Albay in the Bicol River which is Camarines Sur. So kaya lagi pong baha dito, kaunting ulan lang sa Province of Camarines Sur.

May World Bank study po noong 2013 na proposed po masosolusyonan ang baha dito sa pagiging catch basin ng Camarines Sur, may I propose kahit next year, hatiin po natin sa 10-year phasing o 20-year maumpisahan lang, talagang masosolusyonan po ang problema sa baha sa aming probinsiya.

**PRESIDENT DUTERTE:** Okay. We would be glad to accommodate you whatever it is. It's the World Bank doing the project study for us so sige. Kung may pera, yes.

**OFFICIAL:** Thank you. In relation to the comment of our good governor, I think it's about time, Mr. President, that we will have an inventory of all the major river systems all over the country.

For one, we have the Iloilo River, Davao River, Butuan River, Cagayan River, Bicol River is the 5th largest and biggest river in the country today.

We need to inventorize all of these and find out the depth of these rivers because for one, we need to have a regular permanent dredging program for all the river systems. Just like in Cagayan, Mr. President-Mayor, over the last 30 years, 'pag walang dredging, siltation would be a very harmful natural movement of sands from up to downstream. It is practically normal up until there is no dredging, Marikina River, Pasig River will certainly overflow.

But there is one good news, Mr. President, because there is a back-to-back technology which we did in Davao, sa Bukidnon, that the dredging activity, all silted materials that we can extract and harvest, can be a very good material for housing.

The best material for technology using bricks is 6,000 psi compared to concrete hollow blocks which is only around 600. So 6,000 as against 600, that's only 10% in terms of strength.

We will propose, Mr. President, I --- Congressman LRay and myself were talking early on, that how can we make in such a way make use of the harvested or secured silted materials all over the country and identify housing projects which can also be used as the material. Madali lang iyon kasi ang bricks is a normal activity that can be taken from silted materials binded with organic materials then i-bake siya then pagkatapos gawing --- gawing --- gawing materials for housing.

And it is very durable, Mr. President. We can have exhibit A in Bukidnon which we did in our partnership in Davao. I can show everyone there and that is a very good technology.

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes.

**OFFICIAL:** That is in relation to that.

**PRESIDENT DUTERTE:** In Davao, you can see when pass by the Bankerohan or Bolton Bridge, not so much sa downstream. But upstream, there are a lot of people harvesting the sand there para sa ginagamit ng mga bahay.

**OFFICIAL:** Mga bahay.

**PRESIDENT DUTERTE:** Doon nila kinukuha.

**OFFICIAL:** Ang --- ang binder niya, Mayor, is kanang ginatawag nato'g uhot sa humay. So the harvested humay, then gigaling na siya. (What serves as the binder are ground rice straws.) That white abo is the natural binder of the bricks and bake them for 36 hours then you will have the best quality construction materials already.

**PRESIDENT DUTERTE:** When the province would be ready to embark on the project, it is good to remind you sir what materials to use. There is an over abundance of sand there, dredging.

Yes, sir?

**CAMARINES SUR 2ND DISTRICT REPRESENTATIVE LUIS RAYMUND VILLAFUERTE:** Sir. Sir, salamat ulit sa pagbalik niyo dito. Tuwing bagyo nandito kayo, salamat.

Iyong talagang pinakaproblema talaga namin sa CamSur as pointed out by the governor, sir, ang Albay po nandito ang norte. So kahit kaunting ulan, sir, baha talaga kami at iyong baha po ay nababaha pati national highway. So 'pag bagyo talaga, abot rin sa tao.

So, sir, ang talagang kailangan talaga, mag-a-appeal kasi kami sa iyo na talagang sana, sir, ma-dredge na po iyong Bicol River talaga kasi billions our losses every year.

Iyong bagyo, sir, talagang alam naman namin tatamaan kami, lima, anim bagyo taon-taon eh. Pero sir, kung mapalalim --- ma-dredge talaga iyong Bicol River, according to the World Bank study po, kailangan talagang i-dredge na iyan.

Malaking tulong sa amin po, sir, na mangyayari. Then pangalawa, sir, alam rin namin na five to 10 typhoons tatamaan kami every year. Ang problema po sir is 'yung DPWH construction ng schools, parepareho sa buong Pilipinas. Meaning, 180 kilometers. Eh kami po, umaabot ng 250.

So tuwing nagbabagyo, nasisira po iyong --- iyong school. Kung puwede sana sa Bicol, sir, may disenyo na at least 280 to 300, mas mahal po pero in the end --- at the end of the day, mas makakamura dahil hindi na kami magre-repair kung mayroong special design po sa schools.

**PRESIDENT DUTERTE:** Okay 'yan but just prepare the price kasi 'yung overprice. There's a more expensive one, there's a cheaper one. Iyan iyan ang nagkakagulo eh tapos they delay the project, then eventually abandoned.

But I have seen a lot of JICA-assisted projects. Talagang mahusay 'yan. They're doing a number of public works in the City of Davao.

**CONGRESSMAN VILLAFUERTE:** Sir, 'yung JICA na mga school po napakatibay po. Totoo po 'yon. Sa school, hindi nasisira. Iyong mga ginawa sa amin, hindi nasisira ng bagyo. Malaking bagay po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Iyong Davao Airport, JICA 'yan. JICA is --- Davao is JICA. GenSan and the others, Amerikano 'yan. Kaya nandoon 'yung ano nila eh. The Americans are there. They merely constructed the airport. Maganda.

Pero sa Davao wala kasi ayaw ko sila. Hindi kami nagkakaintindihan niyang mga 'yan. So I'm happy to hear that there is going to be a movement at least in the coming days.

'Tol, ikaw na ang mag-apura sa kanila.

**PRESIDENTIAL ADVISER FOR BICOL AFFAIRS MARVEL CLAVECILLA:** Mr. President, first of all, magandang lalaki ka pa rin. You stay healthy for us --- for us all.

About the problem of flooding here in Camarines Sur, tama po 'yung sabi ni Governor and ni Cong LRay na catch basin po ang Camarines Sur. There was a time --- the time of the grandfather of our governor and the father of our Cong LRay, Cong. Luis Villafuerte, nagtatag po siya ng Bicol River Basin Development Authority.

Ang nangyari po parang kulang ata ang funding na naibibigay ng province at that time kaya po medyo naantala po 'yung pagtapos ng Bicol River Basin Development Authority.

There was that suggestion, Mr. President, that three barangays in Baao should be developed as an impounding area and they call it the Phantom Baao Lake.

Meaning to say, during heavy flooding, it will be --- the water will be impounded in that area. And during dry season, we can plant other crops there. But it will take --- it will have a social impact on some three barangays in Baao.

So we considered that. So we abandoned that plan. However, we can pursue that. We can pursue that.

**PRESIDENT DUTERTE:** If it's a good plan and you are really determined to build your catch basin dito, you just have to move the people but convince them. Ang social impact niyan is well, housing, ang ano diyan you have to --- pantayan mo. You have to equal the quality and the kind of house that they are...

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** We will be in coordination, Mr. President, of the DPWH, the provincial government, the DENR. We need all their cooperation, their support para po maging feasible po ang pag-rehab ng Bicol River Basin Development Authority.

Maganda po iyon. Talagang kami po ngayon lang po nagkaroon ng --- naging passable 'yung San Fernando area, Municipality of San Fernando, Milaor, iyon pong kuwan ni Congresswoman Fortuno, iyong Nabua, ngayon lang po naging passable.

Sa Pili po, sa Albay, sa Legazpi, palagi pong binabaha. Ang nakakaawa po talaga, ang Camarines Sur, after nag-subside na po ang Albay --- ang water sa Albay at saka norte, papunta na po sa amin. Kaya tapos na sila, kami magsisimula pa lang.

**PRESIDENT DUTERTE:** The made bulk and the residual.

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** Residual.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kuha kayo. Well, ako, I can only give you a guarantee that I will support the project.

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** Thank you, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** If there is somebody who can... Isang tao lang kasi. I need one month per project. Kaya ako...

Sabagay itong... Wala akong ano kay... Please understand that I do not have anything against Villar. He's very honest. He's very good. He's very industrious. Nakita mo naman ang trabaho niya sa Manila, mga highways niya. The problem is DPWH is inhabited with mga demonyo. So...

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** Excuse me, Mr. President. Iyon pong nakarating sa iyong mga pangalan ng supposed to be corrupt officers of DPWH, ang iba po sa kanila patay na.

**PRESIDENT DUTERTE:** Mabuti, kung hindi, patayin na lang natin din. *[laughter]*

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** Ang iba po sa kanila patay na, ang iba po nag-retire na. Kaya hindi naman po kuwan.

**PRESIDENT DUTERTE:** Well, actually it's the Ombudsman. Hindi ko trabaho 'yan. Kaya kita mo pagka-investigation, dismissal kaagad which you cannot do in dito, marami pang dadaanan na proseso.

Well, eventually it would arrive at my office. Pero ang Ombudsman ang mag-ano. Galit ang Ombudsman sa corruption. I don't know. You might have a bad experience with him when he was... Ganun 'yan eh.

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** Eh Bedan po 'yon eh ang Ombudsman.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ako hindi ako nakikialam basta... More to come.

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** Thank you. Thank you po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Naaawa ako sa Immigration 42, wipe out. Wala tayo magawa. So..

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** Kami po sa opisina ng OPABA, ang kuwan po lang namin function is monitoring ng mga infra projects then the monitoring and then coordination with the different agencies.

Again, Mr. President, I will take this opportunity to extend our gratitude sa mga first responder ng Rolly, Quinta, at saka ng Ulysses. Ang DSWD po ang nangunguna tumulong sa amin dito sa Camarines Sur at saka sa the whole of Bicol Region.

Iyong mga trucks po ng DPWH, they made it available for the distribution of the relief materials and food packs. Kaya salamat po sa kanila and of course ang OCD po, inaantay din namin po ang assessment report ng different agencies na ito. Kaya...

**PRESIDENT DUTERTE:** I will hurry them up so no problem about that.

Now, going back to this project of yours, this is a good one. If you can --- if you can construct a basin, usually you could have minimized the destruction.

Kaya dapat i-pursue 'yan. I don't know if it would --- may... I'm about to make the exit. But if you can start, I'd be happy to help you there. Hindi na kailangan ng... Ako kasi I barely have one less than a year.

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** We have the right people para po diyan. It started with Congressman Luis Villafuerte, it was pursued by Congressman LRay, and finally by the governor. Sila po ang makakatulong diyan siguro sa pag-pursue ng project na ito, ng Bicol River Basin.

**PRESIDENT DUTERTE:** Itong --- itong project na ito?

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** Yes, yes.

**PRESIDENT DUTERTE:** Walang iba, kayo.

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** Ano po?

**PRESIDENT DUTERTE:** Kay ang mag --- mag-ano nito? Of course...

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** Ay hindi po --- hindi po kasi nag-usap po kami ng Regional Development Council. In one of those meetings, it was brought up, Mr. President, the rehabilitation of the project of the Bicol River Basin...

**PRESIDENT DUTERTE:** Itong river rehabilitation council, hindi ako masyado --- I'm not so keen about itong mga committee, mga council-council. Eh walang quorum, walang ano. So ako kita mo most of my Cabinet members are military actually.

Ito si Rolly military ito, si Jalad, kasi isang tao lang ang anomohin diyan. Now that man has to just liaison with JICA. Kung iyan ang ano ng JICA, isang tao lang. Do not throw it to a council 'yung development council.

You will have a hard time just... You get a ruckus there every meeting, kanya-kanya. So get a man with a vision who shares your vision. Then isa lang talaga ang itong ano mo. Huwag kang --- ako that's --- that's a lesson that I've learned when I was... Not because I want to pull my chair here, 'yung overlapping ano, at saka 'yung the penchant for people to be indolent.

Basta iyang committee-committee, matagal talaga 'yan. That's why ngayon even sa city council, you want a conversion from agriculture to commercial. Iyan lahat maghinggi ng pera 'yan at saka patagalin talaga.

That's why I said I'm going to file a case against you pagka... Isang --- dalawang meeting ng city council will suffice. Kaya 'wag kayong mag-ano, ako do not --- 'yang regional development council na ganun, inano ko 'yan.

Wala ako diyan. Isang tao lang. Kasi magturo ka ng isang tao. Dito sa --- dito kay Rolly siya lang. When he was through with his career sabi ko --- kinuha ko. Tapos sa --- kasi kilala ko eh. Ayan, wala akong problema sa DSWD, walang corruption, wala lahat. Wala na kasi isang tao lang kausapin mo.

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** We will do that, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Most of my --- except si Bebot Bello, sa Bisaya dalawa lang kaming Bisaya naiwan diyan sa Cabinet. Most of them are military men, ang mga Ilocano. Ang sundalo kasi natin dito sa Pilipinas, Ilocano pati Ilonggo kasi 'yan lang ang the war-like --- totoo.

Mga Bisaya? Cebuano? Ay p\*\*\*\*\* i\*\*, ang duduwag ng mga... Wala akong nakitang sundalo na... Magtanong ako, "Ano ka Bisaya ka?" "Hindi sir, Ilonggo." O Ilocano. Kung mayroon ka mang makita, suwerte na masyado. Learned ano, dito sana --- dito sa --- 'wag ka, avoid --- avoid council, avoid committees.

Look for the guy that is really competent and he knows his business at he would put his heart on it. 'Pag sinabi mo tapusin mo 'yan, tapusin. Ako frankly, I --- I can get that kind of situation response sa military.

Isang salita lang, wala ng ako ng --- ako na ang magpa... O sige gawain mo na, ako na ang bahala.

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** That's all, Mr. President, and please stay healthy for us.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sa dito ata sa basin baka ikaw ang puwede kay taga rito ka eh.

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** Hindi ko na po kaya. *[laughter]*

**PRESIDENT DUTERTE:** Bakit?

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** Vulnerable na po ako.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sa?

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** Ha? COVID-19 because of Secretary Duque. *[laughter]*

**PRESIDENT DUTERTE:** Classmate kami, sir. Classmate ko ito sa law school, brod ko pa. Pero naubos ang panahon niya sa ano, medyo tumanda na. Nakakatanda talaga 'yan. Sobrang babae, nakakatanda 'yan. *[laughter]*

**PRESIDENTIAL ADVISER CLAVECILLA:** Sabi nga po ni Cong. LRay undersecs daw po ako, undersecs. Kaya kung puwede ga --- kung puwede po gawin mo na akong secretary para hindi na undersecs. *[laughter]*

**PRESIDENT DUTERTE:** Wala na at saka ano... Si ano pala si itong 'yung kapatid ng NBI? [Lurin?] Patay na. Somebody called me --- my office. (Clavecilla: Iyong Bisaya?) Oo 'yung Bisaya, tatatlo lang kaming Bisaya eh. Kaya nag... (Clavecilla: Two months ago. Two months ago. Si [Novio?]) Oo, si [Novio?], patay na.

Ano kaya COVID? (Clavecilla: COVID yata.) P\*\*\*\*\* i\*\*. Kulang sa babae kung ganun. *[laughter]*

'Tol, Congressman, Governor, I cannot --- ma'am, I cannot stay. I have to --- may time limitation ako, walang ilaw 'yung airport ninyo eh. I have to see the runway taking off.

**OFFICIALS:** Thank you, Mr. President. Sir, salamat, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ito, mag-assign ka lang ng isang ano, good engineer or a good --- sanay sa project.

**CONGRESSMAN VILLAFUERTE:** Sir, mag-appoint na kayo ng kahit sinong heneral sa Bicol Region. Suportahin na namin, sir, nang matapos na 'yan.

--- END ---